

**OPISYAL NA PAHAYAG**

Oktubre 1, 2020

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS (6397), [jic@longbeach.gov](mailto:jic@longbeach.gov)

Para sa Agarang Pahayag

## **Papayagan ng Utos sa Kalusugan ng Long Beach ang Karagdagang Pagbubukas Muli**

***Ang mga Pagbabago ay nasa Loob ng Antas na Lila at Mangangailangan ng Mahigpit na mga Protokol sa Kaligtasan sa COVID-19***

Long Beach, CA - Ang Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ay maglalabas ng isang binagong Utos sa Kalusugan na magpapahintulot sa karagdagang pagbukas muli ng ilang mga industriya at serbisyo na alinsunod sa mga protokol na kumontrol ng pagkalat ng COVID-19. Ang mga pagbabago ay epektibo 12:01 a.m. Lunes, Oktubre 5, at alinsunod sa [antas lila](#) na mga patnubay sa kalusugan ng Estado at County ng Los Angeles.

“Ang Long Beach ay patuloy na gumagawa ng makabuluhang progreso sa pagbawas ng pagkalat ng COVID-19 at, katulad ng natitirang bahagi ng L.A. County, nakagawa kami ng mga karagdagang pagsasaayos sa aming mga utos sa kalusugan,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Ngunit kailangan nating manatiling maingat, maalaga, at ligtas.”

Ang binagong Utos sa Kalusugan at mga protokol ay ilalabas mamaya at maglalaman ng lahat ng mga detalye para sa mga opereytor at mga bisita sa bagong bukas na espasyo. Ang mga protokol ay dapat basahin nang mabuti. Ang isang pangkalahatang-ideya ng mga pagbabago ay nasa baba.

### **Salon ng Kuko**

Pinapayagan ng bagong utos ang mga salon sa kuko na magbukas sa maximum na 25% kapasidad kung makasunod sila sa mga patnubay sa kaligtasan, kabilang ang:

- Pagpapatuloy na magpatakbo sa labas hanggang sa makakaya.

- Tinitiyak ang mga hakbang sa pisikal na pagdistansya.
- Tinitiyak na ang lahat ay may suot na panakip ng mukha habang nasa salon.
- Kung nagpapatakbo sa labas, nagtataguyod ng isang panlabas na lugar ng pagtanggap kung saan maaaring mag-checkin ang kustomer.
- Ang paggamit ng mga hadlang (tulad ng plexiglass) sa mga lugar ng pagtanggap o iba pang mga lugar kung saan hindi mapapanatili ang pisikal na pag distansya upang mabawasan ang pagkakalantad sa pagitan ng mga manggagawa at kustomer.
- Pag-iskedyul ng mga appointment ng iba't ibang oras upang mabawasan ang kongestyon sa pagtanggap at upang matiyak ang angkop na oras sa tamang paglinis at pagdisimpekta sa pagitan ng bawat pagbisita ng kustomer. Hindi pinahihintulutan ang mga pag-walk in.
- Paghihikayat ng paggamit ng mga kredit kard at walang-kontak na mga sistema ng pagbabayad.
- Pagaalis ng mga magazine, istasyon ng kape at mga parehong amenidad.

Ang iba pang mga negosyo sa personal na pag-aayos, tulad ng mga serbisyo sa spa kabilang ang masahe, facial, at waxing, ay ipinagbabawal pa rin.

### **Mga Playground & Kagamitan sa Panlabas na Fitness**

Ang mga panlabas na playground na pinapatakbo ng Lungsod at panlabas na fitness na kagamitan na pinapatakbo ng Lungsod ay maaaring magbukas ng may mga protokol sa kaligtasan upang mabawasan ang pagkalat sa komunidad. Ang mga patakaran sa paggamit ng mga pasilidad na ito ay kinabibilangan ng:

- Paghuhugas o pag didisimpekta ng mga kamay bago at pagkatapos gamitin ang mga kagamitan.
- Pagsusuot ng mga panakip ng mukha (ang lahat ng may edad 2 pataas).
- Pagpapanatili ng pisikal na distansya ng anim na talampakan o higit pa habang ginagamit ang kagamitan.
- Bawal kumain o uminom sa playground upang matiyak na ang mga panakip ng mukha ay nakasuot sa lahat ng oras.

Kinakailangan ang superbisyon ng mga matatanda sa mga playground upang matiyak na ang mga itaas na protokol sa kaligtasan ay nasusunod. Ang Parke, Libangan, at Marina ay susuporta sa mga hakbang sa pamamagitan ng:

- Pagtaas ng paglilinis ng mga madalas na hinahawakan na mga ibabaw.
- Pagsusuplay ng mga tanda at mga marka sa pisikal na pagdistansya.
- Ang pagtaguyod ng mga protokol ng pagpapareserba para sa eksklusibong paggamit ng kagamitan sa playground para sa mga preschool, mga organisasyon sa pangangalaga ng bata o iba pang mga cohort na programa.

Ang mga aktibidad ng sentro ng libangang pangpamilya ay matatagpuan sa mga pampublikong parke at sa pampublikong ari-arian ay maaari ring payagan na magbukas sa labas na may mga paghihigpit; ang mga detalye ay paparating sa Utos sa Kalusugan.

### **Mga Paaralan**

Ang Lungsod ay magsisimulang tumanggap ng mga waiver mula sa mga pampubliko at pribadong paaralan para sa personal na instruksiyon para sa TK-Pangalawang grado, na alinsunod sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng County ng Los Angeles. Ang pampubliko at pribadong K-12 na mga paaralan ay maaaring magpatuloy na magbigay ng limitadong personal na serbisyo at instruksiyon para sa mga estudyante na may mga kapansanan, mga nag-aaral ng Ingles, at mga estudyante na may mataas na peligro o mataas na pangangailangan, na limitado sa hindi hihigit sa 25% na maximum na kapasidad. Ang mga pagpapasya sa paghihiling ng waiver ay ayon sa desisyon ng mga pribado at pampublikong sistema ng paaralan at alinsunod sa kanilang kakayahang matugunan ang mga pamantayan at makasunod sa lahat ng ligal na pangangailangan ng Estado at batas sa pagtatrabaho.

### **Mga Bar, Brewery, Distillery at Winery**

Ang mga brewpub, brewery, bar, pub, craft distillery at winery na walang hawak na permit sa restawran ng Lungsod ay maaaring magpatakbo sa labas lamang sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon:

- Ang mga nakaupo, dine-in bona fide na pagkain ay ibinibigay ng isang tagapagbigay ng pagkain na regular na nakikibahagi sa negosyo ng paghahanda at pag-aalok ng mga bona fide na pagkain para ibenta sa publiko (hal. tradisyunal na restawran, food trak).
- Ang mga permit na tiyak na pansamantala, inisyu ng Lungsod, o inisyu ng Estado na kinakailangan para sa aktibidad ay nakuha bago ang pagpapatakbo.
- Ang alkohol ay dapat bilhin sa parehong transaksyon bilang isang bona fide na pagkain.
- Ang serbisyo sa pagkain, inumin, at alkohol ay dapat ibigay sa mga kustomer na nakaupo sa mga mesa sa labas. Ang mga kustomer ay ipinagbabawal na mag-order at/o mag-pickup ng pagkain o inumin sa loob.
- Ang establisimyento ay nagpapatakbo na alinsunod sa mga patakaran at regulasyon ng Estado at lokal, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, [mga Protokol sa Dine-In na Restawran](#) at mga regulasyong ipinatupad ng Kagawaran ng Pagkontrol sa Inuming Alkohol sa California.
- Ang panloob na pagpapatakbo ng mga establisyemento na ito ay dapat manatiling sarado sa publiko.

Ang iba pang mga susog ay kinabibilangan ng mga pagbabago sa mga Protokol para sa Mas Mataas na Edukasyon na mangangailangan ng pagsusuri sa mga estudyante sa kampus na may 48 oras na pagbalik ng resulta at magbabawal sa mga estudyanteng-atleta na manirahan sa kampus.

Ang aksyon na ito ay inilagay sa lugar ng Opisyal ng Kalusugan sa Lungsod, Dra. Anissa Davis, at alinsunod sa mga Emerhensiyang Kapangyarihan na ipinagkaloob sa Manager ng Lungsod sa pamamagitan ng [Proklamasyon ng Lokal na Emerhensiya](#). Ito ay epektibo hanggang Oktubre 5, 2020, at magpapatuloy hanggang sa mapalawak, alisin, o baguhin sa pagsulat ng Opisyal ng Pangkalusugan.

Noong Agosto, inilabas ng Estado ang [Blueprint para sa Mas ligtas na Ekonomiya](#) nito, isang framework para sa pagsubaybay sa pagkalat ng COVID-19 at pagtaguyod ng mga patnubay sa muling pagbubukas gamit ang isang apat na antas na color-coded na sistema. Noong Setyembre 22, inihayag ng Estado na ang mga bilang ng mga county na nahuhulog sa antas na lila, tulad ng County ng Los Angeles, na kasama ang Long Beach, ay maaaring payagan na magpatuloy ng pagpapatakbo ng mga nasa itaas na operasyon na may mga kasamang pagbabago.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang kanilang mga residente, bumisita sa [longbeach.gov/COVID19](https://longbeach.gov/COVID19) at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.